Republic of the Philippines
Department of Education
REGION IX, ZAMBOANGA PENINSULA
SCHOOLS DIVISION OF DAPITAN CITY

Office of the Schools Division Superintendent

March 31, 2025

Division Memorandum
No. 214 s. 2025

**DISSEMINATION OF THE OFFICIAL MESSAGE OF THE CHIEF EDUCATION SUPERVISOR (CID) FOR THE GRADUATES/ COMPLETERS of SY 2024-2025**

To: Assistant Schools Division Superintendent
Chief Supervisors (SGOD)
Education Program Supervisors
District Supervisors/ Principal In-charge of the District
Public/Private School Administrators Elementary/ Secondary
Public/Private Teachers Elementary/ Secondary
ALS Community Learning Centers
All other Concerned

1. Relative to the conduct of the End of the School Year (EOSY) Rites for all Kindergarten, Grade 6, Grade 10 and Grade 12 and Alternative Learning System (ALS) learners who satisfactorily meet the curriculum requirements at the end of the school year (SY) 2024-2025 with the Theme: **Henerasyon ng Pagkakaisa: Kaasgapay sa Bagong Pilipinas (Generation of Unity: Partners for the New Philippines).**

2. This division disseminates the Official Message of the Chief Education Supervisor, Curriculum Implementation Division (CID) to all Graduates and Completers of SY 2024-2025. (attach CID Chief Message)

3. For immediate dissemination.

For Schools Division Superintendent:

**AURELIO A. SANTISAS, CESE**
Asst. Schools Division Superintendent
Officer In -Charge
Office of the Schools Division Superintendent

Department of Education
Division of Dapitan City
RELEASED
NO 214 DATE 4/02/25
TIME 9:42 BY

# Mensahe ng Pagtatapos

S.Y. 2024-2025

Hepe, Dibisyon ng Implementasyon ng Kurikulum



**Isang mahalagang araw na puno ng saya at tagumpay—ang ating moving up at graduation ceremony ay mga pagkakataon upang magpasalamat at magdiwang, hindi lamang dahil sa natapos na yugto ng pag-aaral, kundi dahil sa mga aral at karanasang nakuha sa bawat hakbang ng ating paglalakbay.**

Ang tema ng pagtatapos sa pasukang ito na "**Henerasyon ng Pagkakaisa:Kaagapay sa Bagong Pilipinas (Generation of Unity: Partners for the New Philippines)**" ay napakaangkop pagnilayan at pag-usapan nating lahat: mga mag-aaral, guro, magulang, administrador at iba pang stakeholders.

Sa lahat ng mga mag-aaral, ang tema ay may kinalaman sa inyo. Nawa'y malaman ninyo na ang tagumpay na ito ay hindi lamang dahil sa inyong talino at pagsusumikap. Ito ay bunga ng mga sakripisyo at pagkakaisa ng inyong pamilya, guro, at mga kaibigan na nagbigay gabay at suporta sa inyo upang makamit ang inyong mga pangarap.

Ito ay tagumpay matapos ang pagpupunyagi at pagsusumikap. Hindi madali ang daang tinahak ninyo—maraming napagdaanang mga pagsubok, kabiguan, at pagkakataong halos nagpapasuko. Ngunit ngayon ang mga pagsubok na iyon ang nagpatibay sa inyo upang maging mas matatag.

Sa mga magulang, guro, at mga kaibigan, maraming salamat sa inyong walang sawang suporta. Ang inyong pag-unawa, sakripisyo, at pagmamahal ang nagsilbing lakas upang makamit ang tagumpay ng inyong mga mahal sa buhay.

Ngunit, tandaan ninyo, na magpatuloy sa pagtahak sa landas ng pagkatuto dahil ang pagkatuto ay patuloy na proseso. Patuloy kayong maghangad ng mas mataas na kaalaman at maging inspirasyon sa iba. Nawa, sa bawat hakbang ninyo ay mapanatili ang pagiging bukas sa mga oportunidad at magbigay ng kontribusyon sa pagpapabuti ng ating komunidad at bansa sa pangkalahatan.

Sa mga tagapangasiwa ng mga paaralan at mga stakeholders ay ipagpatuloy ang sipag na inyong ipinagkaloob sa paaralan upang makatulong sa paghubog na mga kasunod na mamamayan ng ating mahal na bayang Pilipinas.

Ngayong, ang ating bansa ay dumaan sa maraming pagsubok at sakripisyo—mula sa mga kalamidad, krisis, at mga problema sa lipunan at politika ay kailangang mahanap ninyo ang tunay na diwa ng pagiging isang Pilipino. Sa kabila ng lahat ng pagsubok na ating kinahaharap

sa kasalukuyan, ang mga aral ng mga bayani gaya ni Bonifacio ay dapat magsilbing gabay sa atin. Sa bawat hakbang na ating tinatahak, sa bawat desisyon na ginagawa natin ay dapat nating tandan na ang tunay na pagmamahal sa bayan ay nakasalalay sa ating mga gawa at hindi sa ating mga salita. Kung nais natin ng isang mas makatarungan at mas maunlad na bansa, kailangan natin magtulungan, magsakripisyo, at patuloy na magtaguyod ng mga prinsipyo ng ating mga bayani, ang pagmamahal sa bayan, paglaban sa mga hindi makatarungang sistema, at ang pagpapahalaga sa kalayaan at dignidad ng bawat Pilipino.

Kapag tayo ay nagkakaisa, nagiging mas matibay tayo. Ang pagkakaisa ng bawat isa sa atin ay nagsisilbing lakas na hindi kayang wasakin ng anumang pagsubok.

Sa bagong Pilipinas, tayo ay dapat magkaisa upang magtulungan, magbigay ng pag-asa, at magkaisa para sa ikauunlad ng ating bayang Pilipinas.

*Binabati ko kayo, mga nagsipagtapos! Ang hinaharap ay nasa inyong mga kamay. Gamitin ninyo ito nag may layunin at kabuluhan.*

**( SGD.) Vicente Jose V. Suarez II, EMD**
Hepe, Dibisyon ng Implementasyon ng Kurikulum